3

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Kagamitan ng Mag-aaral
## Yunit 2

Ang kagamitan sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga publiko at pribadong paaralan, kolehiyo, at / o unibersidad. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph.

**Mahalaga sa amin ang inyong mga puna at mungkahi.**

**Kagawaran ng Edukasyon**
**Republika ng Pilipinas**

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikatlong Baitang**
**Kagamitan ng Mag-aaral – Yunit 2**
**Unang Edisyon, 2014**

**Paunawa hinggil sa karapatang-sipi:** Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala (*publisher*) at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Br. Armin A. Luistro FSC
Pangalawang Kalihim: Dr. Dina S. Ocampo
Kawaksing Kalihim: Dr. Lorna D. Dino

**Mga Bumuo ng Kagamitan ng Mag-aaral**

**Consultants/Reviewers**: Dr. Fe A. Hidalgo, Dr. Erico M. Habijan, Ms. Irene C. De Robles

**Content & Language Reviewers:** Prof. Elanor O. Bayten, Dr. Corazon L. Santos

**Writers/Authors:** Maria Carla M. Caraan, Rolan B. Catapang, Rodel A. Castillo, Portia R. Soriano, Rubie D. Sajise,Victoria V. Ambat, Violeta R. Roson, Rosa Anna A. Canlas, Leah D. Bongat, Marilou D. Pandiño, Irene de Robles, Dr. Erico M. Habijan,

**Illustrator:** Randy G. Mendoza
**Encoder:** Gabriel Paolo C. Ramos
**Proofreader:** Joselita B. Gulapa
**Focal Person:** Marilou D. Pandiño

**Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)**

Office Address : 5th Floor Mabini Building, DepEd Complex, Meralco Avenue. Pasig City, Philippines 1600
Telefax : (02) 634-1054 or 634-1072
E-mail Address : imcsetd@yahoo.com

## Talaan ng Nilalaman

### Yunit 2: Mahal Ko, Kapwa Ko

**Aralin 1 – Mga May Karamdaman:**

**Tulungan at Alagaan!........................................ 2**

Alamin Natin.................................................................. 2

Isagawa Natin................................................................ 5

Isapuso Natin................................................................. 7

Isabuhay Natin............................................................... 9

Subukin Natin ............................................................... 10

**Aralin 2 – Mga May Karamdaman:**

**Dalawin at Aliwin! ............................................. 11**

Alamin Natin................................................................ 11

Isagawa Natin.............................................................. 12

Isapuso Natin............................................................... 14

Isabuhay Natin............................................................. 15

Subukin Natin ............................................................. 16

**Aralin 3 – Mga May Kapansanan:**

**Mahalin at Igalang! ........................................... 18**

Alamin Natin................................................................ 18

Isagawa Natin.............................................................. 19

Isapuso Natin............................................................... 21

Isabuhay Natin............................................................. 23

Subukin Natin ............................................................. 23

**Aralin 4 – Kakayahan Mo, Pahahalagahan Ko!............... 24**

Alamin Natin................................................................ 24

Isagawa Natin.............................................................. 25

Isapuso Natin............................................................... 27

Isabuhay Natin............................................................. 29

Subukin Natin ............................................................. 29

**Aralin 5 – Natatanging Kaibigan!........................................ 30**
Alamin Natin.......................................................................30
Isagawa Natin....................................................................32
Isapuso Natin.....................................................................34
Isabuhay Natin...................................................................35
Subukin Natin ....................................................................36

**Aralin 6 – Kapwa Ko, Nauunawaan Ko! ............................ 37**
Alamin Natin.......................................................................37
Isagawa Natin....................................................................38
Isapuso Natin.....................................................................39
Isabuhay Natin...................................................................40
Subukin Natin ....................................................................41

**Aralin 7 – Magkaiba Man Tayo .......................................... 42**
Alamin Natin.......................................................................42
Isagawa Natin....................................................................44
Isapuso Natin.....................................................................46
Isabuhay Natin...................................................................47
Subukin Natin ....................................................................48

**Aralin 8 – Ikaw at Ako ay Masaya!**
**Tayo'y Nagkakaisa!........................................... 49**
Alamin Natin.......................................................................49
Isagawa Natin....................................................................50
Isapuso Natin.....................................................................51
Isabuhay Natin...................................................................54
Subukin Natin ....................................................................55

**Aralin 9 – Halina! Tayo ay Magkaisa ................................ 55**
Alamin Natin.......................................................................55
Isagawa Natin....................................................................57
Isapuso Natin.....................................................................60
Isabuhay Natin...................................................................61
Subukin Natin ....................................................................62

# Yunit II
# Mahal Ko, Kapwa Ko



## Aralin 1
## Mga May Karamdaman: Tulungan at Alagaan!

Maipadarama ang pagmamalasakit mo sa iyong kapwa na may karamdaman sa simpleng paraan ng pagtulong at pag-aalaga.



### Alamin Natin

### Gawain 1


Suriin ang sumusunod na larawan. Alin sa mga ito ang iyo nang naisagawa bilang pagtulong at pag-aalaga sa may mga karamdaman? Isulat ang titik ng iyong sagot sa kuwaderno.

A

B




C



D







**Gawain 2**

Gamitin ang iyong imahinasyon.

Magtala ng iba pang paraan kung paano mo matutulungan at maalagaan ang isang kakilala o kaibigan o kamag-anak na maysakit. Kopyahin ang graphic organizer sa kuwaderno at sagutin.





## Isagawa Natin

### Gawain 1

Basahin ang sumusunod na sitwasyon. Sumulat ng isang pangungusap kung ano ang dapat mong gawin upang tulungan, alagaan, o damayan ang taong may karamdaman. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

1. Nabalitaan mo na ang iyong guro ay maysakit.
2. Ang nakababata mong kapatid ay may bulutong.
3. Nakita mo na di makatayo ang iyong kaibigan dahil sa masakit ang kaniyang paa.
4. Ang iyong kaklase ay umiiyak dahil sa tindi ng sakit ng kanyang ngipin.
5. Sa iyong pag-uwi ng bahay, nadatnan mo na ang iyong kapatid ay giniginaw dahil mataas ang lagnat.

### Gawain 2

Mula sa inyong guro, ang bawat pangkat ay bubunot ng nakabilot na papel na may nakasulat na sitwasyon. Matapos na pag-usapan ito sa grupo ay isa-isa itong isasadula sa harapan ng klase.

Ipasadula ang kalagayang nakuha ng bawat pangkat.

Pangkat 1 - Madalas na sumasakit ang ulo ng iyong kamag-aral na katabi mo sa upuan. Minsan ay hindi na siya makausap dahil sa tindi ng sakit ng kaniyang ulo.

Pangkat 2 - Isang linggo nang hindi nakakapasok ang isa ninyong kamag-aral. Nabalitaan ninyo na mayroon siyang malubhang karamdaman.

Pangkat 3 - Sumakit ang ngipin ng nakababata mong kapatid o pinsan at kayo ang magkasama

sa mga panahong iyon.

Pangkat 4 - Pinuntahan ninyo ng mga kaibigan mo ang isa pa ninyong kaibigan upang sumama sa plano ninyong paglalaro sa inyong bahay. Ngunit nadatnan ninyo siya sa kaniyang tahanan na nakahiga sapagkat siya ay nilalagnat.

May nakalaang 10 minuto para sa paghahanda ng ipakikitang dula-dulaan na ipalalabas sa loob ng tatlong minuto lamang.

Gagamitin ang *rubric* sa pagtataya ng palabas.

| Pamantayan | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|
| Husay ng Pagkaganap | Lahat ng kasapi sa pangkat ay nagpakita ng kahusayan sa pagganap | 1-2 kasapi ng pangkat ay hindi nagpakita ng kahusayan sa pagganap | 3-4 na kasapi ng pangkat ay hindi nagpakita ng kahusayan sa pagganap |
| Akma /Tamang saloobin sa sitwasyon | Naipakita nang maayos at may tiwala ang tamang saloobin sa sitwasyon | Naipakita nang maayos ngunit may pag-aalinlangan ang tamang saloobin sa sitwasyon | Hindi naipakita ang tamang saloobin sa sitwasyon |



## Isapuso Natin

Sumulat ng isang liham na humihingi ng paumanhin sa magulang, kapatid, pinsan, kamag-aral, kaibigan, o kapwa sa iyong pagkukulang noong sila ay maysakit. Gumawa ng mga pangako kung paano maisasagawa ang pagtulong sa kapwa sa oras ng kanilang karamdaman. Isulat ito sa isang papel.

Petsa ______________

Mahal Kong ____________,

_____________________________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

__________________________.

____________________,

____________________

**Tandaan Natin**

Ang pagmamalasakit sa kapwa lalo na sa maysakit ay isa sa magagandang katangian nating mga Pilipino. Sa pamamagitan nito, tayo ay natututong magpahalaga sa ating sarili at kapuwa na siyang nagpapatibay ng ating ugnayan.

Ang kaisipang, "*Ibigin mo ang iyong kapwa tulad ng pagmamahal mo sa iyong sarili*" ay kinikilala sa lahat ng dako ng daigdig. Kristiyano man o Muslim ay naniniwala sa kaisipang ito. Ito ang buod ng ikaapat hanggang ikasampung Utos ng Diyos na naging batayan na ang pagmamahal sa kapwa ay nagsisimula sa ating sarili. Sapagkat ang taong tunay na nagmamahal sa kaniyang sarili ay may kakayahan ding magmahal ng kaniyang kapwa.

Isa sa mga paraan upang maipakita at maipadama natin ang pagmamahal ay sa pamamagitan ng pagbibigay halaga at pagtugon sa pangangailangan ng maysakit. Ang simpleng pagpapapainom ng gamot, pag-alalay sa pagpunta sa palikuran, pagpupunas ng pawis, paghahanda at pagpapakain ng tamang pagkain at pag-sasaalang-alang ng kanilang nararamandaman ay malaking tulong upang mabawasan ang sakit na kanilang nararamdaman. Bukod dito ay makatutulong din ang pananalangin sa Diyos para sa mabilis na paggaling ng taong maysakit.

Sa mga simpleng gawaing ito ay naipadarama natin ang pagmamalasakit at pag-unawa sa kanilang kalagayan na bunga ng ating pagmamahal sa ating kapwa.

Lubos nating maipadarama sa mga taong may karamdaman ang tunay nating pagmamalasakit sa pamamagitan ng wastong pag-aalaga at pagtulong sa kanilang mga pangangailangan.



## Isabuhay Natin

Bumuo ng apat na pangkat at basahin ang teksto sa ibaba. Sagutin at pag-usapan sa inyong pangkat ang tanong na nakatalaga sa inyong pangkat.

> May plano ang mga kaibigan ni Arby na maglaro pagkatapos ng klase. Nang makauwi na sa kanilang bahay, nagpaalam si Arby sa kaniyang ama ngunit hindi siya pinayagang sumama. Ayaw ng kaniyang ama na sumama siya sapagkat maysakit ang kanyang ina.
>
> Nais talagang sumama ni Arby ngunit pinili niyang manatili sa bahay upang tulungan sa gawaing bahay ang kaniyang ama. Tumulong din siya sa pag-aasikaso sa kaniyang inang maysakit.

Mga Katanungan:

Pangkat 1 - Ano ang masasabi ninyo sa ginawa ni Arby? Sumasang-ayon ba kayo sa kaniyang naging desisyon? Ipaliwanag.

Pangkat 2 - Sa iyong palagay, ano ang mararamdaman ng ina at ama ni Arby sa kaniyang naging desisyon?

Pangkat 3 - Ano ang magiging bunga ng pagtulong sa maysakit at sa pagsunod sa magulang?

Pangkat 4 - Kung ikaw si Arby gagawin mo rin ba ang kaniyang ginawa? Bakit?

Dapat nating pasalamatan ang ating magulang sa pag-aasikaso sa atin tuwing tayo ay maysakit. Ipahayag natin ang ating pasasalamat sa kanila sa pamamagitan ng isang *thank you card.* Gumawa nito para sa sa bawat miyembro ng pamilya na nagpakita o nagpadama ng kanilang pagmamahal at pag-aaruga sa atin lalo na tuwing tayo ay may karamdaman.



## Subukin Natin

Iguhit ang masayang mukha  sa Hanay A kung nagawa mo na sa isang taong maysakit ang nakasaad na kilos sa bawat bilang at malungkot na mukha  naman kung hindi pa. Isipin kung ilang beses mo na itong nagawa at isulat sa Hanay B. Sa tapat ng malungkot na mukha, isulat ang dahilan bakit hindi mo pa ito nagagawa. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

| | A | B | Dahilan Kung Bakit Di Pa Nagagawa |
|---|---|---|---|
| 1. Paglalagay ng bulsa de yelo sa noo ng isang nilalagnat na kasambahay. |  | 3 beses | |
| 2. Pagbabantay sa ospital sa isang taong may lubhang karamdaman. |  | 0 | Sapagkat wala pa ako sa tamang edad |
| 3. Pagpapainom ng gamot sa kapatid at magulang na maysakit. | | | |
| 4. Pagtulong sa pagdadala ng gamit ng kamag-aral na nilalagnat. | | | |
| 5. Pagdalaw sa tahanan ng kaibigan, kamag-aral, o guro na may sakit. | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 6. Pagbili ng gamot na dala ang reseta ng doktor sa tindahan para sa kasapi ng pamilya na may sakit. | | | |
| 7. Pag-akay sa mga maysakit sa pagsakay sa *dyip o tricycle*. | | | |

Maligayang bati! Hinahangaan kita dahil maTiyaga mong natapos ang araling ito. Napatunayan mo na isa kang mabuting mag-aaral. Nawa'y maging handa ka sa susunod na aralin para patuloy mong maipakita ang pagmamalasakit sa may karamdaman.


## Aralin 2
## Mga May Karamdaman: Dalawin at Aliwin!

Ang pagmamalasakit sa mga may karamdaman ay maipadarama mo sa pamamagitan din ng pagbibigay ng panahon tulad ng pagdalaw, pag-aliw, at pagbibigay ng pagkain o anumang bagay na kanilang kailangan.



### Alamin Natin

Ano sa iyong palagay ang dapat mong gawin kung nalaman mong maysakit ang iyong kaibigan o kamag-aral o kung sino man na iyong kakilala? Ano naman ang maaari mong dalhin o ihandog sa taong maysakit? Ibigay ang mga dahilan. Isulat ang iyong sagot sa loob ng bilog. Gawin ito sa iyong kuwaderno.





## Isagawa Natin

**Gawain 1**

Maliban sa mga pagkain o materyal na bagay, maaari ka ring maghandog ng isang kard na naglalaman ng tula, awit, likhang-sining, at iba pa para sa taong iyong dinadalaw. Subukin mong gawin ito sa iyong kuwaderno.

**Gawain 2**

Mula sa inyong guro, ang bawat pangkat ay bubunot ng nakabilot na papel na naglalaman ng sitwasyon. Ito ay ipapakita ng bawat grupo sa paraang dula-dulaan.


| | |
|---|---|
| Pangkat 1- | Masayang pag-aliw o pagpapasaya sa may karamdaman sa pamamagitan ng awit |
| Pangkat 2- | Masayang pag-aliw o pagpapasaya sa may karamdaman sa pamamagitan ng pagkukuwento |

| | |
|---|---|
| Pangkat 3- | Taos-pusong pagbibigay ng tamang pagkain o anumang gamit para sa maysakit na kapitbahay na kaibigan |
| Pangkat 4 | Taos-pusong pakikiisa sa pagsasagawa ng "pray over" sa may karamdaman |

May nakalaang 10 minuto para sa paghahanda ng ipakikitang pantomina na ipalalabas sa loob ng tatlong minuto lamang.

Gamitin ang rubric sa ibaba sa pagtataya ng palabas.

| Pamantayan | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|
| Husay ng Pagkakagawa | Lahat ng kasapi sa pangkat ay nagpakita ng kahusayan sa paggawa | 1-2 kasapi ng pangkat ay hindi nagpakita ng kahusayan sa sa paggawa | 3-4 na kasapi ng pangkat ay hindi nagpakita ng kahusayan sa paggawa |
| Tamang saloobin sa sitwasyon | Naipakita nang maayos at may tiwala ang tamang saloobin sa sitwasyon | Naipakita nang maayos ngunit may pag-aalinlangan ang tamang saloobin sa sitwasyon | Hindi naipakita ang tamang saloobin sa sitwasyon |



## Isapuso Natin

Sumulat ng isang maikling dasal o “sambit” para sa mabilis na paggaling ng isang taong may karamdaman na iyong kakilala. Maaaring siya’y isang magulang, kapatid, kasambahay, kaibigan, kaklase, guro na iyong kakilala o napanood sa telebisyon, at nabasa sa pahayagan. Ibahagi ito sa harap ng klase. Isulat sa kuwaderno ang inyong sagot.

**Tandaan Natin**

Ang pagmamalasakit sa kapwa ay pagpapakita ng mabuting pakikipagkapwa: sa mga magulang, kapatid, kasambahay, kaibigan, kaklase, o guro man sa lahat ng oras at pagkakataon.

Likas sa tao ang maunawaan at madama ang damdamin ng ating kapwa. Gayundin ang kabutihan na nagbubunga ng paglilingkod sa kanila na ipinapakita natin sa pamamagitan ng pagmamalasakit.

Sinisimulan nating magpakita ng malasakit sa bawat miyembro ng ating pamilya lalo na sa may karamdaman. Karaniwan nating inaaliw ang ating magulang, kapatid, o kung sino mang miyembro ng ating pamilya na may karamdaman.

Maaari naman nating maipakita ang pagmamalasakit sa ating kapwa na may karamdaman sa pamamagitan ng pagbibigay ng panahon upang sila ay dalawin, aliwin, bigyan ng tamang pagkain, o anumang bagay na kailangan nila at higit sa lahat ang paghahandog ng isang panalangin para sa maaga nilang paggaling. Ang mga simpleng gawain na ito ay mga tanda ng pagdamay o pagsuporta sa kapwa natin. Sa pagkakataong ito, nakatutulong tayo upang mapanatag ang kalooban ng isang tao.



## Isabuhay Natin

Iguhit ang puso  kung gaano mo kadalas ginagawa ang sumusunod na pangyayari tungkol sa pagdalaw at pag-aaliw sa may karamdaman. Isulat ito sa kuwaderno.

| Mga Tuntunin | Palagi | Paminsan-minsan | Hindi |
|---|---|---|---|
| 1. Nakikipag-usap o nakikipagkuwentuhan ako sa may karamdaman upang kumustahin ang kanyang kalagayan | | | |
| 2. Ibinibigay ko ang pangangailangan ng may karamdamang kapamilya at kaibigan | | | |
| 3. Sumasama ako sa Nanay ko para dumalaw sa may karamdaman sa pagamutan o ospital | | | |
| 4. Dinadalhan ko ng sariwang prutas ang may karamdaman | | | |
| 5. Naglalaaan ako ng oras sa pagdarasal sa may karamdaman para sa mabilis niyang paggaling | | | |



## Subukin Natin

A. Lagyan ng tsek (✓) kung ang sumusunod na pahayag ay nagpapakita ng pagmamalasakit sa pamamagitan ng pagdalaw at pag-aliw sa may karamdaman at (X) naman kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Paghahandog ng isang masayang awitin sa Lolo na may karamdaman.
2. Pagbibigay ng get-well soon card sa kaibigang may karamdaman.
3. Pagkukuwento ng mga malungkot na pangyayari sa paaralan sa kaklaseng may karamdaman.
4. Pagdadala ng sariwang prutas sa kapitbahay na may karamdaman.
5. Paglalaan ng oras sa pagdarasal para sa mga may karamdaman.

B. Maliban sa mga pagkain o materyal na bagay, maaari ka ring maghandog ng isang kard na naglalaman ng maikling tula o awit, likhang-sining, o komiks para sa taong iyong dadalawin. Subukin mong gawin ito sa isang mas magandang papel at lagyan ng karagdagan dekorasyon. Matapos ay ipagkaloob ito sa isang kakilala na may karamdaman. Pagmasdang mabuti ang magiging reaksyon ng taong pinaghandugan.

C. Buuin ang diwa ng talata ayon sa isang karanasan. Gawin ito sa isang kuwaderno.

Ang aking hinandugan ng _________ (tula, awit…) ay si ________________________________________. Siya ay ____________________ (kaugnayan sa tao). Nakita kong siya ay ___________________________________ sa aking inihandog. Labis akong______________________________ ______________________________________________sa aking napagmasdan. Ngayon, natutuhan kong____________ _______________________________________________________ ____ ______, kung kaya't aking gagawin ng___________ _________________________________________.

Binabati kitang muli sa matagumpay mong pagtatapos sa araling ito. Naniniwala akong higit mong naunawaan ang kahalagahan ng pagmamalasakit sa mga may karamdaman. Nawa'y ipagpatuloy mo ang gawaing ito upang maging mas makabuluhan ang paglilingkod sa iyong kapuwa.

**Aralin 3**
**Mga May Kapansanan: Mahalin at Igalang!**

Higit mong maipakikita ang malasakit sa mga may kapansanan sa pamamagitan ng simpleng pagtugon sa kanilang pangangailangan.



## Alamin Natin

Basahin ang kuwento.

Ang Batang May Malasakit

Lunes ng umaga, maagang pumasok si Rodel sa paaralan. Masaya siyang naglalakad papunta sa terminal ng sasakyan. Pagdating niya doon ay nakita niya si Juan, ang batang may kapansanan.

"Magandang umaga sa iyo Rodel" ang bati ni Juan. "Magandang umaga rin naman" ang tugon ni Rodel.




Nang dumating na ang dyip na kanilang sasakyan patungong paaralan ay inalalayan ni Rodel si Juan sa pagsakay hanggang sa pag-upo sa loob ng sasakyan. "Maraming salamat sa iyo Rodel", sabay sabi ni Juan. "Walang anuman", tugon naman ni Rodel.



Nang dumating na sila sa tapat ng kanilang paaralan, inalalayan pa rin niya si Juan sa pagbaba ng dyip, sa pagpasok sa loob ng paaralan at maging sa pagpasok sa silid-aralan. Lubos na nagpasalamat si Juan kay Rodel dahil sa ipinakitang malasakit at kabaitan sa kanya.

Sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Paano nagpakita ng malasakit si Rodel sa kaniyang kapuwa?
2. Tama ba ang kaniyang ginawang pagmamalasakit?
3. Kaya mo rin bang magmalasakit gaya ng ginawa ni Rodel sa isang taong may kapansanan?



## Isagawa Natin

### Gawain 1

Pag-aralan ang sumusunod na sitwasyon. Ano ang dapat mong gawin upang maipakita ang iyong malasakit sa may kapansanan? Isulat ang sagot sa inyong kuwaderno.

1. Pumunta ka sa tindahan at naabutan mong bumibili rin ang kapitbahay mong pipi. Hindi maintindihan ng tindera kung

ano ang kaniyang binibili. Nagkataong marunong ka ng sign language. Ano ang dapat mong gawin?

2. Magkasama kayo ng Nanay mo sa pagtawid sa kalsada. Hinihintay ninyo na maging kulay berde ang ilaw trapiko para kayo ay makatawid. Nakita mong papatawid din ang isang batang pilay. Ano ang dapat mong gawin?

3. Kaarawan ng iyong kaklase at ikaw ay dumalo sa kaniyang handaan. Nakita mo doon si Tina ang batang bulag na iyong kababata. Narinig mo na gusto niyang uminom ng *juice* ngunit hindi siya pinapansin ng may hawak nito. Ano ang dapat mong gawin?

**Gawain 2**

Ang bawat pangkat ay makatatanggap ng isang metacard kung saan nakasulat ang sitwasyon na pag-uusapan at gawain.


Pangkat 1 - Magsadula ng isang eksenang nagpapakita ng pagmamalasakit sa isang bulag.
Pangkat 2 - Iguhit sa loob ng isang malinis na papel ang nais mong ipakita at ipadama sa may mga kapansanan.
Pangkat 3 - Lumikha ng isang saknong ng tula na may apat na linya na tumutukoy sa pagmamalasakit sa may mga kapansanan.

Pangkat 4 - Magbigay ng tatlong kilala ninyong tao na nagpakita ng pagmamalasakit sa mga taong may kapansanan. Sabihin kung paano niya ito ginawa.

May nakalaang 10 minuto para sa paghahanda sa nabunot na sitwasyon o gawain. Ipapakita ng bawat pangkat ang inihanda sa loob ng dalawa hanggang tatlong minuto lamang.

Ang rubric na gagamitin sa pagTataya ng kakayahan ng mga bata.

| Mga Pamantayan | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|
| Husay ng pagkaganap ng bawat kasapi | Lahat ng kasapi sa pangkat ay nagpakita ng husay sa pagganap | 1-2 kasapi ng pangkat ay hindi nagpakita ng husay sa pagganap | 3-4 na kasapi ng pangkat ay hindi nagpakita ng husay sa pagganap |
| Tamang saloobin sa sitwasyon | Naipakita nang maayos at may tiwala ang tamang saloobin sa sitwasyon | Naipakita nang maayos ngunit may pag-aalinlangan ang tamang saloobin sa sitwasyon | Hindi naipakita ang tamang saloobin sa sitwasyon |




Iguhit sa loob ng tatlong puso ang iyong sagot sa sumusunod na tanong. Gawin ito sa kuwaderno.

| | |
|---|---|
| 1. Ano ang iyong nararamdaman tuwing nagpapakita ka ng pagmamalasakit sa mga may kapansanan? |  |
| 2. Ano ang iyong nararamdaman kapag may nakikita kang batang may kapansanan na pinagtatawanan? Bakit? |  |

| | |
|---|---|
| 3. Kung ikaw naman ang nakakatanggap ng pagmamalasakit mula sa iyong kapuwa, ano ang nararamdaman mo? |  |

**Tandaan Natin**

Ang pag-unawa sa damdamin at sitwasyon ng iba ay isang paraan ng pagpapakita ng kabutihan. Ang kabutihan ng ng isang aksyon ay nagsisimula sa kabutihan ng hangarin. Ang mga hangaring ito ay dapat na may pagsasaalang-alang sa kapakanan ng iba at maging sa sarili. Maipakikita ito sa salita at gawa. Kailangang meron itong katapatan at komplementaryong gawain na nagbibigay ng kahalagahan sa isang wagas na naisin at layunin.

Ang pagmamalasakit sa isang taong may kapansanan ay isang paraang nagpapakita ng kabutihan ng hangarin. Ang Batas Republika 7277 ay higit na kilala sa taguring Magna Carta para sa mga Taong May Kapansanan (Magna Carta for Persons with Disability), ay legal na basehan upang isulong ang mga karapatan ng mga mamamayang may kapansanan. Kasama ang mga susog na ginawa ng Batas Republika 9442 at mga takda ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 437. TiniTiyak ng batas na ito ang pagpapatupad ng mga hakbang kaugnay ng rehabilitasyon at pagTiyak sa pansariling pag-unlad ng mga taong may kapansanan upang manatili sila bilang produktibong mga kasapi ng lipunan. TiniTiyak ng Batas Republika 7277 ang mga karapatan ng mga taong may kapansanan kaugnay ng pagkakaempleyo, pagkakaroon ng edukasyon, serbisyong medikal, karagdagang pantulong na paglilingkod, at iba pa.

Sa pagkakataong ito, maipakikita natin ang pagmamalasakit sa mga may kapansanan sa pamamagitan ng pagbibigay ng lubos na pagmamahal, pag-unawa, at paggalang upang maramdaman nila na

sila ay mahalaga rin tulad natin. Ang paglalaan ng upuan, pag-aalay sa pagtawid sa kalsada, at paglalakad ay mumunting paraan ng pagpaparamdam sa kanila na sila ay mahalaga bilang tao at kabahagi ng lipunan.



## Isabuhay Natin

Mayroon kayong kapitbahay, kaibigan, kasambahay, kamag-anak, o kaklase na may kapansanan.

Sumulat ng limang pangungusap kung paano mo sila tutulungan. Ibahagi ito sa klase.

1. ________________________________________________.
2. ________________________________________________.
3. ________________________________________________.
4. ________________________________________________.
5. ________________________________________________.



## Subukin Natin

Lagyan ng tsek (✓) kung ang pangungusap ay nagpapakita ng pagmamalasakit sa mga may kapansanan at ekis (X) naman kung hindi. Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel.

1. Akayin sa paglakad ang kamag-aral na bulag.
2. Pagtawanan ang kaklaseng may bingot.
3. Makipagkaibigan sa taong may kapansanan.
4. Bigyan ng upuan ang batang pilay.
5. Tuksuhin ang kalaro o mga batang duling.

Muli, natapos mo na naman ang isang aralin kaya't binabati kita sa matagumpay mong gawain. Hinahangaan kita sa ipinakita mong pagmamahal at paggalang sa mga may kapansanan. Hangad kong pahalagahan mo ang kanilang mga kakayahan na iyong matututuhan sa susunod na aralin. Ipagpatuloy ito!

## Aralin 4
## Kakayahan Mo, Pahahalagahan Ko!

Ang pagmamalasakit sa may mga kapansanan ay maipakikita mo sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkakataon at suporta sa sandaling maipamalas nila ang kanilang natatanging kakayahan sa larangan ng laro at iba pang programang pampaaralan.



### Alamin Natin

Basahin ang tula.

Tanging Yaman, Ating Kakayahan



Natatanging kakayaha'y biyaya ng
Maykapal
Ito'y pagyamanin, paunlarin at
ikarangal
Anumang kakulangan paglaanan
ng aral
Ito'y pagpapakita ng magandang
asal.

Sa programa sa iskul bigyang
puwang ang talino
Nang sa angking talento'y tunay
kang maging bibo
Lubos na pagtitiwala sa sarili'y ialisto
Kakayahan ng sinuman ay hindi
masisino.

Sa larangan ng pagguhit, pagpipinta't pag-awit
Gayundin sa palakasan kahit kulang ay susungkit
Ng medalya na sa iyo'y kukumpleto't magsusulit
Kapintasan, kakulangan hindi ka nga magagalit.

Kapansanan ng mga tao hindi dapat pagtawanan
Bagkus sila'y dapat tulungan at pahalagahan
Ang bawat isa'y kailangan ituring na kaibigan
Pagkat sila'y may halaga at bahagi ng lipunan.

-rbc-

Sagutin ang mga tanong:

1. Ano-ano ang mga kakayahang nabanggit sa tula?
2. Ano ang dapat mong gawin sa kakayahang ipinagkaloob sa iyo ng Poong Maykapal?
3. Ano ang katangian ng isang bata ang ipinahihiwatig sa tula?
4. Paano ipinakita ang pagmamalasakit sa kapuwa na may kapansanan?
5. Sa iyong palagay, dapat bang pagmalasakitan ang mga batang may kapansanan? Bakit?



## Isagawa Natin

**Gawain 1**

Basahin ang sumusunod na sitwasyon. Piliin ang titik ng nararapat mong gawin upang maipakita ang pagmamalasakit at paggalang sa mga may kapansanan. Gawin ito sa inyong kuwaderno.

1. Lunes ng umaga, mayroong palatuntunan sa bulwagan ng inyong paaralan. Nakita mo na ang iyong kaklase na pilay ay nakatayo lang sa may unahan ng bulwagan dahil wala nang bakanteng upuan. Ano ang dapat mong gawin?

    A. Titingnan ko siya at pagtatawanan dahil siya ay walang upuan.

B. Lalapitan ko siya upang ibigay sa kaniya ang aking upuan.
C. Mananatili ako sa aking upuan at hahayaan ko na lang siyang nakatayo hanggang sa matapos ang palatuntunan.

2. Sa inyong talakayan sa klase ay sumagot ang kaklase mong may bingot. Hindi ninyo masyadong naunawaan ang kaniyang sinabi. Ano ang dapat mong gawin?
   A. Makikinig ako sa sagot ng kaklase ko.
   B. Tatayo rin ako at sasabayan ko siyang sumagot upang maunawaan ng iba kong kaklase.
   C. Sasabihin ko sa katabi ko ang tamang sagot.

3. Nagkaroon ng palatuntunan ang mga special education children sa inyong paaralan. Unang nagpakita ng kakayahan sa larangan ng tula ay ang hearing impaired child na si Jano. Nasa kalagitnaan na siya ng kaniyang tula nang bigla niyang makalimutan ang susunod na linya. Kung ikaw ay isa sa mga manonood, ano ang dapat mong gawin?
   A. Tatawanan ko si Jano.
   B. Tatawagin ko na siya para umupo na.
   C. Tahimik akong mananalangin na sana ay maalala niya ang nalimutang linya.

4. Papauwi ka na ng bahay nang makita mo ang kaklase mong mabagal maglakad dahil siya ay naaksidente at naputulan ng kanang paa. Ano ang dapat mong gawin?
   A. Bibilisan ko ang paglalakad upang maunahan ko siya.
   B. Maglalakad ako na parang hindi ko siya nakita.
   C. Tutulungan ko siyang magdala ng kaniyang gamit.

5. Inutusan ka ng Nanay mo na bumili sa tindahan at nakita mo doon na kinukutya ang isang batang may kapansanan. Ano ang dapat mong gawin?
   A. Sasabihan ko ang batang may kapansanan na huwag pansinin ang mga batang nangungutya.

B. Lalapitan ko ang mga batang nangungutya upang pagsabihan.
C. Sasamahan kong umalis sa tindahan ang batang may kapansanan.


**Gawain 2**

1. Maghanap ng mga larawang nagpapakita ng pagmamalasakit sa mga may kapansanan. Idikit sa bond paper ang mga larawang ginupit.

2. Ang bawat pangkat ay gagawa ng isang saknong ng tula, awit, o yell tungkol sa larawang napili.

3. Ipapakita ng bawat pangkat ang ginawang tula, awit, o yell ayon sa larawang idinikit sa loob ng tatlong minuto lamang. Gamitin ang rubric sa pagtataya ng ginawang tula, awit, o yell.

| Mga Pamantayan | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|
| Husay ng pagkakadikit ng mga larawan | Lahat ng kasapi sa pangkat ay nagpakita ng kahusayan sa pagtulong sa pagbuo ng gawain | 1-2 kasapi ng pangkat ay hindi nagpakita ng kahusayan sa pagtulong sa pagbuo ng gawain | 3-4 na kasapi ng pangkat ay hindi nagpakita ng kahusayan sa pagbuo ng gawain |
| Tamang saloobin sa pagpapakita ng pagganap | Naipakita nang maayos at may tiwala ang tamang saloobin sa pagganap | Naipakita nang maayos ngunit may pag-aalinlangan ang tamang saloobin sa pagganap | Hindi naipakita ang tamang saloobin sa pagganap |



## Isapuso Natin

Gumawa ng tsart sa iyong kuwaderno tulad ng nasa ibaba. Lagyan ng tsek (✓) kung ang sinasabi ng pangungusap ay nagpapakita ng pagmamalasakit sa mga may kapansanan at ekis (x) naman kung hindi.

1. Pinupuri ko ang gawain ng mga may kapansanan na kapaki-pakinabang.
2. Tumutulong ako sa inilulunsad na mga proyekto ng mga may kapansanan.
3. Bumibili ako ng mga produktong ginawa ng mga may kapansanan.
4. Nakikipaglaro ako sa kapuwa ko bata kahit na siya ay may kapansanan.
5. Ipinagtatanggol ko sa simpleng paraan ang mga batang may kapansanan.

**Tandaan Natin**

Ang pagpapahalaga sa kakayahan ng mga may kapansanan ay pagpapakita ng pagmamahal na sila ay mahalagang bahagi ng lipunan tulad natin.

May kasabihan tayong mga Pilipino na "ang kahirapan at kapansanan ay hindi sagabal o hadlang upang magtagumpay." Ang kasabihang ito ay nagpapahiwatig sa atin na ang tibay at tatag ng loob ay lubhang kailangan upang makamit ang tagumpay anu- man ang kalagayan at katayuan natin sa buhay. Kagaya ni Apolinario Mabini, hindi naging hadlang ang kaniyang kapansanan upang siya ay hirangin bilang bayani. Nawa'y siya ay magsilbing inspirasyon sa pagkamit ng tagumpay.

Ang pagmamalasakit na may paggalang sa may mga kapansanan ay maipakikita sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkakataon at suporta sa sandaling maipamamalas nila ang kanilang natatanging kakayahan sa larangan ng laro at

iba pang programang pampaaralan. Dapat tayong magpakita ng pagmamalasakit at pagmamahal sa mga taong may kapansanan sa lahat ng pagkakataon. Ito'y tanda ng pagbibigay ng kahalagahan sa kanilang pagkatao at kakayanan.



## Isabuhay Natin

Ipakita ang natutuhan sa pagpapahalaga sa mga may kapansanan sa inyong lugar. Maglaan ng oras sa pagbisita at pagbibigay-aliw sa kapwa bata na alam mong may kapansanan sa inyong pamayanan. Gawin ito pagkatapos ng klase. Ikuwento o ibahagi sa buong klase ang kinalabasan ng iyong pagbisita.



## Subukin Natin

Lagyan ng tsek(✓) kung ang pangungusap ay nagpapakita ng pagmamalasakit sa mga taong may kapansanan at ekis (X ) kung ito ay hindi. Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel.

1. Niyaya ni Roy ang piping kamag-aral na sumali sa paligsahan ng pagsasayaw.
2. Pinahinto ng Ama sa pag-aaral ang anak dahil siya'y lumpo.
3. Isinama ng buong pamilya ang anak na may kapansanan sa kanilang paglalakbay.
4. Nagbigay ng **wheel chair** ang balik-bayang kapitbahay sa batang may kapansanan.
5. Ipinaampon ng mag-asawa ang kanilang anak na may kapansanan.

Binabati kita! Muli mo na namang natapos ang isang aralin. Naniniwala akong ang pagpapahalaga mo sa kakayahan ng isang may kapansanan ay kahanga-hangang gawain. Hangad kong ipagpapatuloy mo ito sa lahat ng oras at pagkakataon. Handa ka na ba sa susunod na aralin? Ipagpatuloy mo ang mabuting hangaring ikaw ay matuto!

## Aralin 5
## Maging Sino Ka Man, Dapat Igalang!

Pagmamalasakit na may paggalang sa may kapansanan ang binibigyang-diin sa araling ito. Sa pamamagitan ng pagbibigay natin ng pagkakataon sa kanila, nagiging kabahagi sila ng pamayanan na walang itinatangi at sinisino.




### Alamin Natin

Basahin ang diyalogo.

### Natatanging Kaibigan!

Sabado ng umaga.  Sakay ng bisikleta si Bibo ng makasalubong niya si Gina, ang batang may kapansanan subalit mahusay naman siyang umawit.



Gina: Hello, Bibo! Balita ko eh may paligsahan sa pag-awit sa darating na pista dito sa ating barangay? Sa palagay mo, maaari kaya akong sumali?

Bibo: Aba, oo naman Gina! Kaya nga pupunta ako sa bahay ninyo para ipaalam sa'yo at tanungin kung gusto mong sumali. Alam mo bang malaki ang mga papremyong ipamimigay sa mga mananalo?

Gina: Talaga? Maraming salamat sa'yo Bibo! Kanino ba nagpapalista ang gustong sumali sa paligsahang iyon?

Bibo: Ayon sa nabasa kong patalastas na nakapaskil, eh, kay Kuya Gerwin daw, ang Hermano Mayor ng pista sa taong ito.

Gina: Wala talaga akong masabi sa'yo Bibo! Saludo ako sa iyo dahil alam na alam mo ang buong detalye ng paligsahan. Puwede bang samahan mo ako ngayon para magpalista na kay Kuya Gerwin?

Bibo: Sige, tayo na!

Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Ano ang natatanging kakayahan ni Gina?
2. Bakit pupunta si Bibo sa bahay ni Gina?
3. Ano ang katangiang ipinakita ni Bibo sa diyalogo?
4. Kaya mo rin bang gawin ang pagmamalasakit na ginawa ni Bibo kay Gina? Bakit?
5. Kung ikaw si Bibo/Gina, ano ang iyong mararamdaman kapag ikaw ang pinahahalagahan o nagbibigay importansya sa iba? Patunayan.



## Isagawa Natin

**Gawain 1**

Suriin ang sumusunod na sitwasyon. Ano ang iyong dapat gawin? Isulat ang sagot sa inyong kuwaderno.

| Mga Sitwasyon | Ang dapat kong gawin ay…. |
|---|---|
| 1. Kasama ka ng Nanay mong pumunta sa palengke at noon mo nalaman na bingi pala ang batang namamalimos. | |
| 2. May paligsahan sa pag-awit sa iyong barangay at nais sumali ng iyong kababatang pilay. | |
| 3. Sa iyong paglalakad, nakita mo ang iyong kapitbahay na bulag na malapit na sa may kanal. | |
| 4. Marami kang laruan sa inyong bahay na hindi mo naman ginagamit. Nakita mo na sira na ang laruan ng kapitbahay mong pipi. | |
| 5. Nakita mo ang isang batang putol ang kamay na hindi kayang dalhin ang kaniyang gamit. | |

**Gawain 2**

Ang bawat pangkat ay makatatanggap ng isang **activity card** kung saan nakasulat ang dapat nilang gawin.

Pangkat 1 – Lagyan ng piring ang mata ng bawat bata sa inyong pangkat. Magkaisa sa isang salita na magsisilbing clue word ninyo upang mahanap ang iyong kasamahan.

Pangkat 2 – May isang **bag**ay kayo na hinahanap sa inyong silid-aralan. Ipakita kung paano ninyo ito mahahanap nang hindi kayo nagsasalita.

Pangkat 3 - May gusto kayong abuting gamit sa mataas na kabinet ngunit kayo ay pilay.

Pangkat 4 – May gusto kang sabihin sa iyong kaklase ngunit mahina ang kaniyang pandinig. Paano mo ito gagawin?

Naranasan ninyo ang maging bulag, pipi, pilay, at bingi sa ating gawain. Paano mo maipakikita ang pagmamalasakit sa may kapansanang tulad nila? Pag-usapan sa bawat pangkat kung ano ang dapat gawin. Ibahagi ito sa klase.

Ang rubric na gagamitin sa pagtataya ng kakayahan ng mga bata.

| Mga Pamantayan | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|
| Husay ng pagkaganap | Lahat ng kasapi sa pangkat ay nagpakita ng kahusayan sa pagganap | 1-2 kasapi ng pangkat ay hindi nagpakita ng kahusayan sa pagganap | 3-4 na kasapi ng pangkat ay hindi nagpakita ng kahusayan sa pagganap |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Tamang saloobin sa sitwasyon | Naipakita nang maayos at may tiwala ang tamang saloobin sa sitwasyon | Naipakita nang maayos ngunit may pag-aalinlangan ang tamang saloobin sa sitwasyon | Hindi naipakita ang tamang saloobin sa sitwasyon |



## Isapuso Natin

Sumulat ng sariling pangako hinggil sa pagpapakita ng pagmamalasakit na may paggalang sa mga may kapansanan.

Simula sa araw na ito, ako ay nangangako na
______________________________________________________________
______________________________________________________________
_________________________________________.

Iulat sa klase kung natupad ang pangako.

**Tandaan Natin**

Ang pantay-pantay na pagtingin ay pagpapakita rin ng paggalang sa kapuwa. Ito ay nagpapaalala sa atin na walang mayaman o walang mahirap sa lipunang ating ginagalawan. Nararapat nating pahalagahan ang taglay na mga kakayahan ng bawat isa may kapansanan man o wala. Wala tayong karapatan upang husgahan ang ating kapwa sa panlabas na kaanyuan.

Ipinahihiwatig sa awiting "Bulag, Pipi, at Bingi" ni Freddie Aguilar na ang kapansanan ay hindi hadlang upang maipakita ang ating natatanging kakayanan o talento. Lagi nating itanim sa ating isipan na walang sinumang perpekto sa ibabaw ng mundo. Bawat isa ay may

kani-kaniyang lakas at kakulangan.

Sa bisa pa rin ng Batas Republika 9442 na sumusog sa Batas Republika 7277, ipinagbabawal na rin ngayon ang panunuya sa mga taong may kapansanan, maging sa pamamaraang pasulat, pasalita, o sa pamamagitan ng mga kilos. Pinagtibay din ang mga susog na ito upang pigilan ang pagbaba ng tingin sa mga taong may kapansanan.


Kaya't ang pagmamalasakit sa mga may kapansanan ay dapat nating gawin sa lahat ng pagkakataon. Ito ay pagpapakita rin ng paggalang upang maramdaman nilang bahagi rin sila ng lipunan.



## Isabuhay Natin

Magkaroon ng isang proyekto "Kapuwa ko, Mahal ko" na gagamitin sa outreach program para sa mga may kapansanan.

Magdala ng isang malaking kahong babalutan ng used gift wrapper. Ilagay ito sa sulok ng silid-aralan upang dito ilagak ng mga bata ang mga dadalhin nilang regalo: damit, laruan, *de lata*, at iba pa para sa mga batang may kapansanan.



Gagawin ito sa loob ng isang buwan. Ang lahat ng mga naipong gamit o anupaman ay ipapamigay sa mga batang may kapasanan.



## Subukin Natin

Lagyan ng tsek(✓) kung ang pangungusap ay nagpapakita ng pagmamalasakit na may pagalang sa may kapansanan at ekis (X) kung ito ay hindi. Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel.

1. Tinatawag ko ang aking kapuwa na may kapansanan sa kanilang tunay na pangalan o palayaw.
2. Tinatawanan ko ang may kapansanan sa kanilang kapulaan.
3. Ginagaya ko ang may kapansanan sa kanilang paglalakad at pagsasalita.
4. Nakikipaglaro lang ako sa kapwa ko rin na may kapansanan.
5. Tinutulungan ko ang mga may kapansanan sa abot ng aking makakaya.

Binabati kita sapagkat maluwalhati mong natapos ang araling ito. Hinahamon kita na sana ang tunay na pagmamalasakit sa may kapansanan ay maipakita mo nang may respeto o paggalang sa lahat ng pagkakataon. Mahusay!

## Aralin 6
## Kapwa Ko, Nauunawaan Ko!

Hindi lahat ng bata ay magkakatulad ang katayuan sa buhay. May magagawa ka para sa iba.

### Alamin Natin

Pagmasdan ang mga larawan at dugtungan ang pariralang katabi nito. Gawin ito sa inyong kuwaderno.



Kapag lumalapit sila sa akin at nanghihingi ng pera, ako ay
__________________________________________
__________________________________________
__________________________________________
__________________________________________
______________.



Kung makikita ko ang batang ito, ako ay______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________.



Kung makikita kong ganito lagi ang suot ng bata ako ay ________________
______________________________________
______________________________________.

Sagutin ang mga tanong.

1. Nakasalamuha mo na ba ang mga batang nasa larawan?
2. Ano ang nararamdaman mo kapag nakikita o nakakasama mo sila?
3. Paano mo isinasaalang-alang ang kanilang katayuan o kalagayan sa buhay? Bakit?
4. Sino-sino pa ang mga batang nakakasama o nakakasalamuha mo na nangangailangan ng tulong? Bakit?
5. Naipakita mo ba sa kanila ang pagsasaalang-alang sa kanilang kalagayan sa buhay?


## Isagawa Natin

Bawat pangkat ay magsasadula kung paano ninyo isinasaalang-alang ang kalalagyan sa buhay ng iyong kapuwa bata batay sa sitwasyong ibibigay ng guro.

| | |
|---|---|
| Pangkat 1 - | sa mga batang nakaranas ng kalamidad |
| Pangkat 2 - | sa isang payat na kamag-aaral na namumutla habang nagkaklase |
| Pangkat 3 - | sa kaklase mong maikling-maikli na ang lapis |
| Pangkat 4 - | sa isang batang lalaking putol ang isang kamay pero gustong sumali sa inyong larong basketbol |
| Pangkat 5 - | sa isang batang nakita mo sa isang bahay-ampunan |

## Isapuso Natin

Magnilay. Isipin ang mga taong nakasalamuha mo na at nangailangan ng iyong tulong, pagkalinga, o malasakit. Isulat ito sa speech balloon. Natugunan mo ba ang kanilang pangangailangan sa oras na iyon? Isulat sa kaliwang bilog ang ginawa mong pagtugon sa kanilang pangangailangan. Kung mangyayari itong muli, ano naman ang gagawin mo? Isulat naman ito sa kanang bilog. Gawin ito sa inyong sagutang papel.




**Tandaan Natin**

Lahat ng bata ay may iba't ibang kalalagyan sa buhay. Mayroong mayaman at mayroon din namang mahirap. Mayroong nangangailangan ng tulong at mayroon din namang may kakayahang magbahagi.

Hindi tama na husgahan o pakitaan ng masama ang ating kapuwa kung iba ang kalalagayan nila sa buhay. Sa pang-araw-araw nating pamumuhay, hindi natin maiiwasang makasalamuha ang iba't ibang uri ng bata kung kaya't nararapat na alam natin kung paano sila igalang, irespeto, at pakitunguhan nang tama.

Marapat na isaalang-alang natin ang kalagayan ng ating kapwa bata. Pakitunguhan natin sila nang maayos at ibigay ang nararapat na tulong para sa kanila. Ayon nga sa ating Panginoon, tandaan natin, ang kagandahang-loob ay huwag ipagkait sa kapwa kung ikaw ay may kakayahang ito ay magawa, gawin mo ito nang mahusay at tama.



## Isabuhay Natin

Paano mo ipapakita ang pagsasaalang-alang sa katayuan/ kalagayan ng kapwa bata? Isulat ang dapat gawin sa bawat sitwasyon.

| Mga Sitwasyon | Dapat Gawin |
|---|---|
| 1. May batas na nagbabawal sa pamamalimos. Nang pumunta ka sa palengke, may nakita kang batang namamalimos. | |
| 2. Nakita mo ang isang batang nanghihina sa gutom. | |
| 3. May batang kumakatok sa bintana ng inyong sasakyan at halos kasing-edad mo lamang. Nag-aalok siya ng sampaguita sa iyong ama. | |
| 4. Nakita mo ang isang batang nakatingin sa iyo habang kumakain kayo sa restawran. | |

| | |
|---|---|
| 5. Nakita mong naglalaro ang batang punit-punit ang kasuotan. | |



## Subukin Natin

Iguhit ang masayang mukha  kung ang pangungusap ay nagpapahayag ng pagsasaaalang-alang sa katayuan o kalagayan ng iyong kapuwa bata at malungkot na mukha  naman kung hindi.

1. Binibigyan ng pagkain ang batang nagugutom.
2. Pinasasaya ang bata sa lansangan sa pamamagitan ng pagbigay ng mga pangangailangan tuwing may okasyon.
3. Sinasarili ang panonood ng telebisyon sa bahay upang inggitin ang mga kalaro.
4. Hinahatian ng baon ang isang kalaro na walang makain at nagugutom.
5. Sumasali sa mga outreach program ng barangay, nagpapadala ng pagkain at mga damit sa mga batang nasa malalayong lugar.

Binabati kita! Kahanga-hanga ka dahil matiyaga mong natapos ang araling ito. Nawa'y maging handa ka sa susunod na aralin para patuloy mong maisaalang-alang ang katayuan at kalagayan ng kapuwa mo bata.

## Aralin 7
## Magkaiba Man Tayo


Hindi natin maiiwasan na may mga kapuwa bata tayong makakasama o makakasalamuha na kabilang sa mga pangkat-etniko. Paano natin isasaalang-alang ito?

### Alamin Natin

Basahin ang kuwento:

Ang Matulunging Bata

Sa loob ng silid-aralan, tahimik na gumagawa ang mga bata ng kanilang pagsasanay sa Filipino. Napansin ni Lita si Lawaan, ang **bag**o nilang kaklaseng Aeta na hindi mapakali sa upuan. Wala siyang lapis at papel na gagamitin.





Dali-daling kinuha ni Lita ang iba pa niyang lapis at papel sa kaniyang bag at ibinigay kay Lawaan. Laking gulat at pasasalamat ng bata kay Lita. Masaya niyang tinanggap ang tulong ni Lita at sila ay naging mabuting magkaibigan.

Pag-usapan natin.


1. Ano ang kaibahan ni Lawaan kay Lita?

2. Bakit hindi mapakali si Lawaan sa kaniyang upuan?

3. Paano ipinakita ni Lita ang pagmamalasakit sa **bag**o niyang kaklase?

4. Kung sa iyo ito nangyari, ano ang gagawin mo? Bakit?

5. Nakaranas ka na ba ng pangyayari na katulad ng kay Lita? Ano ang iyong ginawa?




**Gawain 1**


Kilala ba ninyo sila?

Hanapin ang mga pangkat etniko na nakasulat sa loob ng *word hunt*.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| B | E | M | T | Y | D | G | M | I | C |
| I | T | A | I | L | U | C | A | B | E |
| S | A | S | B | T | H | R | N | A | B |
| A | U | T | A | G | A | L | O | G | U |
| Y | S | M | L | O | K | L | B | O | A |
| A | U | M | O | R | O | T | O | B | N |
| R | G | K | Y | E | H | A | D | O | O |
| B | I | K | O | L | A | N | O | T | Y |

**Gawain 2**

1. Gumuhit ng puno sa isang papel. Lagyan ito ng mga bungang puso. Pumili ng isang pangkat-etniko na nakasama mo na o gusto mong makasama. Isulat ito sa katawan ng puno na iyong ginawa. Sa mga bunga ng puno, isulat naman ang nais mong ibahagi sa kanila upang maipakita ang pagsasaalang-alang sa kanila.





## Isapuso Natin

A. Sabihin kung nagpapakita ng pagsasaalang-alang sa pangkat-etnikong kinabibilangan ng kapuwa bata ang mga sitwasyon. Ipaliwanag ang iyong sagot.

1. Pinapahiram ni Ben sa kaklaseng Ita ang lapis at pambura niya.

2. Ibinahagi ni Mariel ang ilan sa mga paborito niyang laruan at sapatos sa mga batang Tausug.

3. Masayang sumasama sina Jerome at Miguel sa mga proyekto at gawain ng paaralan para makapaglibang at makarating sa ibang lugar.

B. Gumawa ng isang liham pangkaibigan para sa isang batang kabilang sa isang pangkat etniko na kaiba sa inyo. Ipakita sa liham kung paano mo isinasaalang-alang ang kaniyang kaibahan sa inyo.

**Tandaan natin**

Lahat ng tao ay pantay-pantay anuman ang pangkat-etnikong ating kinabibilangan. Kung kaya dapat nating isaalang-alang ito sa pakikitungo sa ating kapuwa bata.

Nasasaad sa Deklarasyon ng United Nations sa Karapatan ng mga Katutubo na ang mga katutubo ay kapantay ng lahat ng tao, bagama't kinikilala ang karapatan na pagkakaiba ng lahat ng tao, pagsasaalang-alang sa pagkakaiba, at paggalang sa kakanyahan. Magkakaiba man tayo ng pangkat-etnikong kinabibilangan,

lahat tayo ay nakapag-ambag sa kasaysayan at kultura ng ating bayan. May iba-iba man tayong paniniwala, panuntunan, kinagawian, relihiyon, at kultura, tayo ay iisa pa rin.

Matagal nang panahon na hindi pantay ang pagtrato natin sa iba nating kapwa bata. Panahon na para baguhin natin ito. Ating isaalang-alang ang kinabibilangan nilang pangkat-etniko. Magkaiba man tayo, dapat natin silang pakitunguhan nang maayos at tulungan kung kinakailangan.



## Isabuhay Natin

Sa tulong ng inyong gurong tagapayo, magsagawa ng isang outreach program para makatulong sa mga pangkat etniko. Maaaring ito ay:

a. Paghahanap ng batang mula sa isang pangkat- etniko na malapit sa inyong paaralan para bigyan sila ng mga gamit, pagkain, at simpleng pangangailangan.


b. Paghahanap sa inyong paaralan ng mag-aaral na maaaring kabilang sa isang pangkat-etniko. Anyayahan ang kanilang pamilya na bisitahin ang inyong paaralan at bigyan sila ng natatanging palatuntunan. Isabay na rin dito ang pagbibigay ng mga simpleng regalo na magagamit nila sa kanilang tahanan.

c. Pagsusulat ng isang artikulo na mailalathala sa pahayagan ng inyong paaralan hinggil sa kahalagahan ng kultura ng mga pangkat-etniko.



## Subukin Natin

Sa gitnang bilog, iguhit o isulat ang isang pangkat-etniko. Sa maliliit na bilog na nakapalibot, iguhit o isulat naman ang mga paraan kung paano mo mapapahalagahan ang pangkat-etnikong kinabibilangan niya. Gawin ito sa iyong kuwaderno.



## Aralin 8
## Ikaw at Ako ay Masaya! Tayo'y Nagkakaisa!

Naipapakita nang may kasiyahan ang pakikibagay at pakikiisa sa mga gawaing pambata tulad ng paglalaro, pagsali sa programa sa paaralan, at paligsahan.



### Alamin Natin

A. Gumawa ng balak tungkol sa pagsasagawa ng isang maikling palatuntunan. Ito ay lalahukan ng mga bata bilang pagdiriwang sa Children's Month Celebration.

B. Itala ang mga programa, palatuntunan, paligsahan at pagdiriwang na isinasagawa sa inyong paaralan sa tsart katulad ng nasa ibaba. Lagyan ng tsek ang ikalawang kolum kung nilahukan mo ito at ekis naman kung hindi. Sa ikatlong kolum, iguhit ang iyong naramdaman ng isagawa ito. Masayang mukha kung nasiyahan ka at malungkot na mukha naman kung hindi. Sa huling kolum, isulat kung bakit ito ang iyong naramdaman. Gawin ito sa inyong kuwaderno.

Halimbawa:

| Programa/ Palatuntunan/ Paligsahan | Pakikilahok | Naramdaman | Bakit? |
|---|---|---|---|
| **Nutrition Month Parade** | ✓ |  | Ako ang "A-1 Child" |



## Isagawa Natin

Pangkatin ang inyong klase sa lima. Bawat pangkat ay magpapakita ng palabas kung paano isinasagawa ang sumusunod na programa/ palatuntunan/paligsahan sa paaralan. Magsagawa ng pagpaplano sa loob ng 10 minuto at ipakita ito sa loob ng tatlong minuto.

Pangkat 1– Buwan ng Wika (sa paraang Balagtasan)
Pangkat 2 – *Quiz Bee* (sa paraang rap)
Pangkat 3 – *Scouting Month* (sa paraang chant)
Pangkat 4 – Paligsahan sa Pag-awit
Pangkat 5 – Paglalaro

Gamitin ang pamantayan sa ibaba upang maipakita nang maayos ang gagawin ninyong palabas.

| **Pamantayan** | ☆☆☆ | ☆☆ | ☆ |
|---|---|---|---|
| Kasiyahang ipinakita sa gawain | Lahat ng kasapi ng pangkat ay nagpakita ng kasiyahan sa pakikilahok sa gawain | Isa o dalawang kasapi ng pangkat ay hindi nagpakita ng kasiyahan sa pakikilahok sa gawain | Tatlo o mahigit pang kasapi ng pangkat ay hindi nagpakita ng kasiyahan sa pakikilahok sa gawain |
| Pakikiisa | Lahat ng kasapi ng pangkat ay nakiisa sa gawain | Isa o dalawang kasapi ng pangkat ay hindi nakiisa sa gawain | Tatlo o mahigit pang kasapi ng pangkat ay hindi nakiisa sa gawain |


Maging mapanuri sa panonood ng palabas ng bawat pangkat sapagkat bawat isa ang magiging hurado. Bawat isa ay may *show me board* na itataas kung saan nakalagay ang bilang ng bituin.

## Isapuso Natin

### Gawain 1

Isulat ang iyong nadarama kung kasali ka sa sumusunod na larawan. Ibahagi kung bakit.

1.



______________________ ako dahil________________________

_________________________________________________________

2.



______________________ ako dahil________________________

_________________________________________________________

3.






____________________ako dahil________________

____________________________________________

____________________________________________

**Gawain 2**

Piliin sa kahon ang mga gawain sa paaralan na nadarama mo ang kasiyahan kung ikaw ay nakikiisa at lagyan ng **arrow**  patungo sa masayang mukha . Kung hindi ka naman nasisiyahan, lagyan ng arrow  patungo sa malungkot na mukha . Kung nasa malungkot na mukha, gumuhit ka ng isang malaking puso. Ilagay sa loob ng puso ang iyong gagawin upang makiisa ka sa mga gawain nang may kasiyahan. Gawin ito sa inyong kuwaderno.



**Tandaan Natin**

Marami sa mga gawaing pampaaralan ang nangangailangan ng pakikiisa ng mga bata upang maging matagumpay ito. Ilan dito ay sa mga paglalaro, paligsahan, pagdiriwang, at iba pa.


Sa pakikiisa natin sa mga gawaing pampaaralan nararapat nating gawin ito nang may kasiyahan. Makiisa tayo nang bukal sa kalooban at hindi napipilitan lang. Ang pagpapakita ng tunay na nararamdaman ay nangangahulugang tapat ka sa iyong sarili gayundin sa iyong kapuwa.

May mga pagkakataong hindi mo nagugustuhan ang kinalalabasan ng mga pangyayari kabilang dito ang pagkatalo sa paligsahan, pagkakamali sa pagsasayaw, at iba pa. Hindi tayo dapat malungkot dito sa halip ay ipakita natin ang kasiyahan para sa kanila gayundin para sa ating sarili sapagkat naipakita natin na kaya natin ang mga gawaing ito.



## Isabuhay Natin

Alalahanin ang mga gawaing pampaaralan na sinalihan mo noong nakaraang isang linggo. Pumili ng lima at isulat ito sa isang **diary**. Ilahad kung ano ang ginawa mo sa kaliwang pahina at sa kanan naman ay ilagay mo ang aral na iyong natutunan sa gawain. Gawin ito sa iyong kuwaderno.





## Subukin Natin

Sa isang sulatang papel, ipakita kung paano ka nakikiisa sa mga gawaing pambata nang may kasiyahan. Maaari itong ipakita sa pamamagitan ng pagsulat, pagpinta, o anumang paraang nais mo.

# Aralin 9
# Halina! Tayo ay Magkaisa

Ang pakikiisa sa kasayahan ay nagpapakita ng magandang kaugalian. Tulad mo, nais mo ding ipakita ang mga ngiti at maipadama ang pagiging maligaya sa kapuwa. Ito ay halimbawa ng positibong pag-uugali.



## Alamin Natin

Basahin ang kuwento.

Ang Kaarawan ni Luis

Araw ng Sabado, maagang gumising si Luis sapagkat ito ang kaniyang ikawalong taong kaarawan.  Agad niyang inihanda ang kaniyang sarili para sa pagsimba. Sinamahan siya ng kaniyang kapatid na si Rosa na pumunta sa simbahan upang magpasalamat sa biyaya ng buhay na kaloob ng Poong Lumikha.

Agad silang umuwi ng bahay.  Tinulungan nila ang kanilang ina sa paghahanda ng mga pagkaing ihahain sa kaniyang kaklase sa pagdiriwang ng kaniyang kaarawan.  Hindi nagtagal ay unti-unti nang dumating ang mga bisita ni Luis sa kanilang

bahay. Nang makita ng kaniyang panganay na kapatid na si Rizza na halos lahat ng mga bisita ay dumating na ay pinasimulan na ang palatuntunan.

Bilang pasimula nagdasal muna sila sa Diyos para magpasalamat at pagkatapos ay sabay-sabay na umawit ang lahat ng Happy Birthday.




Masayang-masaya si Luis sapagkat nakiisa ang kaniyang mga kaklase, kaibigan, at kalaro sa bawat isinagawang palaro tulad ng balloon relay, egg catching, paper dance, at stop dance.

Ngunit ang pinakamasaya at hindi makakalimutang palaro na *bring me* sapagkat nanalo ang grupo ni Luis sa palarong ito. Ang bawat kasapi ng pangkat ay nakiisa at nagtulungan sa pagdadala ng mga hinihinging bagay. Nang napagod na at makaramdam na rin ng gutom, ay isinagawa na ang konting salo-salo sa kaniyang kaarawan.

Umuwi nang may ngiti sa mga labi ang dumalo sa kaarawan.

Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Ano ang okasyon at maagang gumising si Luis?
2. Bakit masaya si Luis sa kaniyang kaarawan?

3. Saan pumunta sina Luis at Rizza? Bakit?
4. Dapat ba tayong magpasalamat sa Poong Maykapal sa kaloob na biyaya ng buhay? Bakit?
5. Sa inyong palagay, ano ang sekreto o dahilan at nanalo ang grupo ni Luis sa palaro?




## Isagawa Natin

### Gawain 1

Suriin ang sumusunod na scrambled letters.

1. a d n a b
2. y a b a n g i n
3. i n k a p a g
4. s e b o p a l a
5. s i s p r u y o n
6. s a m i

Ang mabubuong salita ay tungkol sa pagdiriwang ng pista. Maaaring ito ay pagkain, laro, at iba pang makikitang may kaugnayan sa pista. Isulat ang nabuong salita sa bawat piraso ng banderitas. Gawin ito sa inyong kuwaderno.



**Gawain 2**

Mula sa inyong guro, ang bawat pangkat ay bubunot o makatatanggap ng isang sitwasyon na nakasulat sa kapirasong papel o metacards. Pag-usapan ang inyong gagawin.

Pangkat 1

Habang naglalaro kayo sa iyong bakuran ng iyong mga kaibigan ng taguan, nakita mo na tahimik lang na nanonood sa labas si Margo. Napagkasunduan ninyo siyang yayaing makipaglaro sa inyo. Gumawa ng usapan o *forum* tungkol sa sitwasyon para maipakita ang pagkakaisa sa napagkasunduan.

Pangkat 2

Hinding-hindi ninyo makalilimutan ang ganda ng isang pasyalan o parke sa inyong lugar. Ano ang dapat ninyong gawin para mapanatili ang kalinisan, kagandahan, at kaligtasan sa panganib? Gumawa ng **poster** para maipakita ang pagkakaisa sa gawain.

Pangkat 3

Magkakaroon ng paligsahan ng Munting Ginoo at Binibini sa inyong lugar o barangay sa susunod na buwan. Gumawa ng anunsyo para maipakita ang pagsuporta sa paligsahan.

Pangkat 4


Magkakaroon ng **Summer Basketball League** sa inyong barangay sa susunod na buwan. Bumuo ng isang masiglang sayaw o "cheer dance" para maipakita ang pakikiisa sa gawaing ito.

May nakalaang 10 minuto para sa paghahanda sa nabunot na sitwasyon o gawain.

Ipakikita ng bawat pangkat ang inihandang gawain sa loob ng dalawa hanggang tatlong minuto lamang.

Gagamitin ang rubric sa pagtataya ng palabas.

| Mga Pamantayan | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|
| Husay ng Pagkaganap | Lahat ng kasapi sa pangkat ay nagpakita ng husay sa pagganap | 1-2 kasapi ng pangkat ay hindi nagpakita ng husay sa pagganap | 3-4 na kasapi ng pangkat ay hindi nagpakita ng husay sa pagganap |
| Akma/ Tamang saloobin sa sitwasyon | Naipakita nang maayos at may tiwala ang tamang saloobin sa sitwasyon | Naipakita nang maayos ngunit may pag-aalinlangan ang tamang saloobin sa sitwasyon | Hindi naipakita ang tamang saloobin sa sitwasyon |



## Isapuso Natin

Iguhit ang masayang mukha **(**  **)** kung ang pangungusap ay nagpapakita ng pakikiisa sa kapuwa bata at malungkot na mukha **(**  **)** naman kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

1. Pagtulong sa mga gawaing bahay na may ngiti sa mga labi habang ginagawa ito.
2. Pagsali ng bukal sa kalooban sa mga paligsahan sa barangay.
3. Ipinagyayabang ang natatanging kakayahan sa kaibigan.
4. Palakaibigan sa mga bagong lipat na kapitbahay.
5. Pamimintas sa mga palabas sa palatuntunan sa pamayanan.
6. Pagtulong sa mga kaklase sa paggawa ng takdang-aralin.
7. Pagkukulong sa loob ng bahay dahil sa mga kalarong batang madungis.
8. Pakikipag-away sa mga kalaro kapag siya ay natalo sa laro.
9. Pagbabahagi ng mga natutuhang aralin o leksyon sa lumiban na kamag-aral.
10. Kusang-loob na nakikiisa sa pagtatanim ng mga halaman sa paaralan o barangay.

**Tandaan Natin**

Ang kabutihan ay kagandahan ng kalooban. Ang kagandahang-loob ay katangiang dapat na ibang tao ang nagsasabi at hindi ang sarili. Upang masabi nila ito, nakikita nila ito sa kilos at pag-uugali ng tao.

Ang kagandahang-loob ay isang konseptong may kinalaman sa katauhang angkin ng isang tao. Ito rin ang susi kung ano ang uri ng pakikipagkapwa ang maipapamalas ng tao.

Ang bawat bata ay may kani-kaniyang katauhan at katangian. Lubos na kasiya-siya kung maipakikita nang taos-puso ang pakikiisa at pakikipagtulungan sa ating kapwa sa pamayanan at hindi naghihintay ng anumang kapalit.



## Isabuhay Natin

Lagyan ng tsek (✓) ang kolum ng inyong sagot. Isulat ito sa kuwaderno.

| Mga Sitwasyon | Opo | Minsan po | Hindi po |
|---|---|---|---|
| 1. Sumasali ka ba sa mga larong pambata nang may kasiyahan? | | | |
| 2. Sumasali ka ba sa paligsahan upang maipakita ang iyong natatanging kakayahan? | | | |
| 3. Nagtatago ka ba sa iyong Nanay kapag ikaw ay inuutusan sa mga gawaing bahay? | | | |
| 4. Inanyayahan mo ba ang kapuwa mo bata sa inyong lugar sa paglalaro? | | | |
| 5. Ipinagyayabang mo ba ang iyong natatanging kakayahan sa inyong mga kalaro, kaibigan, o kapitbahay? | | | |



## Subukin Natin

Iguhit ang bituin (☆) kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng tamang pakikiisa sa kapuwa sa mga programang pambata. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

1. Niyaya ni Jessa ang bagong lipat na kapitbahay na galing sa Batanes sa paglalaro ng patintero.

2. Kalilipat lang ng pamilya nila Noel sa Manila. Dahil dito nahihirapan siyang makipag-usap sa mga bagong kaibigan kaya hindi siya isinama sa paglalaro.

3. Ang magkakaibigan ay nagkaisang sumali sa patimpalak na sayaw sa kanilang barangay.

4. Ikinagalit ng lider ng pangkat ang pagsali ni Baron sa kanilang pagsayaw dahil sa kaniyang suot na lumang damit.

5. Dumadalo ako sa pag-eensayo ng aming grupo para sa darating na **Summer Basketball League**.

Natapos mo na naman ang isang aralin. Hinangaan kita sa iyong pagtiTiyaga. Pinatunayan mong isa kang batang may mabuting kalooban. Maligayang bati!